International Journal of Research Studies in Education
2026 Volume 15 Number 23, 143-156



Panitikang lokal bilang daluyan ng wika, kultura, at identidad ng mga piling mag-aaral sa Albay

Matabuena, Sharon R. ✉
Daraga National High School, Philippines (sharon.matabuena@deped.gov.ph)
Llaguno, Lerna C.
Matnog Elementary School, Philippines (lerna.llaguno@deped.gov.ph)

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 29 October 2026 **Revised**: 11 November 2026 **Accepted**: 13 November 2026
Available Online: 14 November 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26468

Abstrak

Sinuri sa pag-aaral na ito ang papel ng panitikang lokal bilang daluyan ng wika, kultura, at identidad batay sa pananaw at karanasan ng mga piling mag-aaral sa Albay. Tiyak na tinukoy ang mga anyo ng panitikang lokal na kinilala, binasa, narinig, at ginamit ng mga kalahok; inilarawan ang kanilang pananaw sa ambag nito sa pagpapanatili ng wika at kultura; sinuri ang mga salik sa kanilang pagpapahalaga; at nagpanukala ng mga gawaing pampanitikan. Gumamit ang pananaliksik ng deskriptibong kuwantitatibong disenyo na nilahukan ng 42 mag-aaral sa Senior High School sa Albay gamit ang total population sampling. Pangunahing instrumento ang talatanungan na sinuri ng mga dalubhasa at pinroseso gamit ang dalas, bahagdan, ranking, at tinimbang na mean. Natuklasan na pinakakilalang anyo ng panitikang lokal ang kantang-bayan (52.4%), samantalang pinakamadalas na binabasa o naririnig ang lokal na komiks (73.8%), at pinakamadalas gamitin ang bugtong at palaisipan (33.3%). Mataas ang pagsang-ayon ng mga kalahok sa kahalagahan ng panitikang lokal sa pagpapanatili ng wika (WM = 4.60) at kultura at identidad (WM = 4.71). Positibong nakatutulong sa kanilang pagpapahalaga ang personal na interes, suporta ng pamilya, paggabay ng guro, at paggamit ng teknolohiya. Gayunman, natukoy ang kakulangan sa mga babasahing Bikolano sa silid-aklatan (WM = 2.45) at limitadong pakikipag-ugnayan sa mga lokal na manunulat (WM = 2.02). Sa mga mungkahing gawain, nangingibabaw ang pagbuo ng podcast at pagsasagawa ng lakbay-aral (76.2%).Ipinahihiwatig ng mga natuklasan ang pangangailangang palawakin ang akses sa mga lokal na babasahin at paigtingin ang mga gawaing pampanitikan, pangkultura, at digital upang mapanatili at maipalaganap ang panitikang Albayano sa mga kabataan.

Mga Susing-Salita: panitikang lokal, wikang Bikol, kultura, identidad, Albay, panitikang Bikolano

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

Panitikang lokal bilang daluyan ng wika, kultura, at identidad ng mga piling mag-aaral sa Albay

1. Introduksyon

Hindi lamang sa mga aklat at silid-aralan matatagpuan ang panitikan; buhay ito sa mga kuwentong naipapasa sa pamilya, sa mga awiting inaawit sa pamayanan, at sa mga salitang ginagamit upang ilarawan ang karanasan ng isang lugar, kung kaya't nagiging daluyan ito ng kaalaman, kultura, at pagkakakilanlan ng mga tao. Sa iba't ibang panig ng mundo, kinikilala ang mga kuwentong-bayan, epiko, alamat, awiting tradisyonal, tula, at iba pang anyo ng panitikan bilang mahalagang bahagi ng pamanang kultural na di-nahahawakan (UNESCO, 2003, 2024), na tumutukoy sa mga tradisyon at anyo ng pagpapahayag na naipapasa sa bawat henerasyon at nananatiling buhay sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng pamayanan. Pinatutunayan ito ng pag-aaral nina Hsin at Yu (2021) na nagpakitang mahalaga ang mga kuwentong lokal, katutubong wika, at tradisyonal na gawain sa paglinang ng literasi at pagkakakilanlan ng mga batang Rukai sa Taiwan. Gayundin, ipinakita sa pag-aaral nina Grogan, Hollinsworth, at Carter (2021) na nakatutulong ang paggamit ng mga naitalang kuwento ng mga katutubong mamamayan sa pagpapalalim ng pag-unawa, empatiya, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kultura ng ibang pangkat. Kaugnay nito, makatutulong ang *Socio-cultural Theory* ni Vygotsky (1978) upang maunawaan ang papel ng panitikang lokal, kung saan mahalaga ang pakikipag-ugnayan sa ibang tao at ang kontekstong panlipunan gaya ng pakikinig sa kuwento ng nakatatanda, pagtalakay ng mga akda sa klase, at paggamit ng mga salitang nakaugat sa pamayanan—sa proseso ng pagkatuto.

May matibay ring batayang pambansang patakaran at panuntunan sa edukasyon ang pagpapahalaga sa wika at kulturang lokal. Kinikilala at itinatadhana sa Artikulo XIV ng Saligang Batas ng 1987 ang tungkulin ng estado sa edukasyon, wika, at pangangalaga sa kulturang Pilipino, samantalang itinatag sa Batas Republika Blg. 7104 ang Komisyon sa Wikang Filipino upang pangalagaan at paunlarin ang mga wika ng bansa. Sa larangan ng batayang edukasyon, binigyang-pansin sa Batas Republika Blg. 10533 (*Enhanced Basic Education Act of 2013*) ang pag-angkop ng kurikulum sa konteksto at pangangailangan ng mga mag-aaral, na sinusuportahan ng mga kautusan ng DepEd para sa pagpaplano ng pagtuturo gaya ng DepEd Order No. 42, s. 2016 at DepEd Order No. 35, s. 2016. Binigyang-diin din ni Villanueva (2016) ang kahalagahan ng lokalisasyon sa pag-uugnay ng aralin sa karanasan ng mag-aaral, na nagpapatunay sa halaga ng paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at babasahing nakaangkla sa lokal na kapaligiran.

Makikita ang yaman at pagkakaiba-iba ng panitikang lokal sa anyo, wika, at paraan ng pagpapasa, kabilang ang rawitdawit, tigsik, epikong Ibalong, mga alamat, kuwentong-bayan, awiting-bayan, bugtong, palaisipan, salawikain o sasabihon, tulang panrelihiyon, dula, at mga kontemporaryong akda. Inilarawan ni Realubit sa *Bikol Literature in the Philippines* ang mga tradisyong pampanitikan ng rehiyon at ang pangangailangang maipakilala ang mga ito sa mas maraming mambabasa. Sinuri naman ni Bermas (2021) ang mga paniniwala at tradisyon sa mga kuwentong-bayan ng Bula, Camarines Sur para sa pagbuo ng kagamitang panturo, samantalang tinalakay ni Jorolan-Quintero (2018) ang ambag ng tradisyong pasalita sa edukasyong gumagamit ng unang wika. Karagdagang konteksto ang ibinigay ng mga pag-aaral nina Castor, Cid, at Encinares (2024) sa Calabanga tungkol sa mga pasalitang salaysay ng pananampalataya, at ni Fajardo (2022) sa Bikol Rinconada sa Baao tungkol sa ugnayan ng wika at identidad. Bukod dito, iniugnay nina Gilbas (2020) at Caliboso et al. (2025) ang mga rehiyonal na teksto sa pagkatuto ng wika, habang binigyang-pansin nina Balunsay at Tindugan (2022), Morato at Besmonte (2023), at Ocampo at Bulahan (2025) ang pangangailangang maitala at masuri ang mga lokal na tradisyong pasalita.

Taglay ng panitikang lokal sa Albay ang natatanging halaga sapagkat nakaugnay ito sa wikang Bikol at sa iba't ibang baryasyong sosyolingguwistiko nito, sa mga pook na kinikilala ng mamamayan, at sa mga nakagawiang alaala ng komunidad. Mahalagang pagbatayan ang pag-aaral ni Magdato (2025) tungkol sa pagpapanatili ng West Bikol sa kanlurang Albay, sapagkat ang mga akdang lokal ay nagsisilbing pangunahing daluyan upang marinig,

mabasa, at magamit ng kabataan ang wikang Bikol. Gayunman, sa pag-aaral ng mga akdang ito, mahalagang kilalanin ang pagkakaiba ng pagiging pamilyar lamang sa isang kuwento at ng masusing pag-unawa sa nilalaman nito. Kaya naman, pinaghihiwalay sa pananaliksik ang pagkilala, pagkabasa o pagkakarinig, at paggamit upang hindi mapagkamalang ganap na pakikilahok ang payak na pagkakakilala lamang.

Bagama't inilahad ng mga naunang literatura ang ugnayan ng lokal na wika at kultura, hindi lahat ay nakatuon sa kung aling mga akda ang aktuwal na kinilala, napili, o ginagamit ng mga mag-aaral sa Albay. Dito nakatuon ang isinagawang deskriptibong kuwantitatibong pag-aaral sa 42 piling mag-aaral ng Senior High School sa Albay upang suriin ang mga anyo ng panitikang lokal na kanilang kinikilala at ginagamit, ang kanilang pananaw sa papel nito sa wika, kultura, at identidad, gayundin ang mga salik na may kaugnayan sa kanilang pagpapahalaga at pakikilahok sa loob at labas ng paaralan. Ang mga nakalap na datos ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga mungkahing gawaing pampanitikan at kontekstuwalisadong babasahin para sa mga guro, pati na rin sa pagpapalakas ng pagbabahagi ng mga kuwento sa tahanan at pamayanan, bagaman ang mga resulta at paglalahat ay limitado lamang sa 42 mag-aaral na lumahok sa pag-aaral.

Layunin - Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagsusuri at paglalarawan ng papel ng panitikang lokal bilang daluyan ng wika, kultura, at identidad sa pananaw ng mga piling mag-aaral sa Albay. Tiyak nitong layunin na: (1) matukoy ang mga anyo at uri ng panitikang lokal na kinilala, binasa, o ginamit ng mga kalahok; (2) mailarawan ang kanilang pananaw sa panitikan bilang daluyan ng mga katutubong salita, pahayag, at iba pang anyong pangwika; (3) masuri ang kanilang pananaw sa pagpapakita at pagpapasa ng kultura, tradisyon, kaugalian, paniniwala, pagpapahalaga, at karanasan ng mga Albayano; (4) matukoy ang mga salik na iniugnay nila sa pagpapahalaga at pakikilahok sa panitikang lokal; at (5) makapagpanukala, batay sa kanilang mga piniling gawain, ng mga hakbang na maaaring makatulong sa pagpapalakas ng pagpapahalaga sa panitikang lokal.

2. Metodolohiya

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong kuwantitatibong disenyo. Angkop ito sapagkat nilayon nitong ilarawan ang pagkilala, karanasan, pananaw, at naiulat na pakikilahok ng mga kalahok batay sa kanilang mga tugon sa talatanungan. Walang manipulasyon ng baryabol na isinagawa; kaya hindi maaaring magbigay ng tiyak na pahayag tungkol sa sanhi at bunga. Isinagawa ang pananaliksik sa isang paaralang Senior High School sa lalawigan ng Albay. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng lahat ng mag-aaral sa isang klase sa Baitang 12, na may kabuuang apatnapu't dalawang (42) mag-aaral. Ginamit ang total population sampling sapagkat isinama sa pag-aaral ang lahat ng mag-aaral sa nasabing klase.

Ang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos ay isang talatanungang binuo batay sa mga layunin ng pag-aaral. Binubuo ito ng ilang bahagi na tumatalakay sa mga anyo ng panitikang lokal na kinikilala, nababasa o naririnig, at nagagamit o naisasalaysay ng mga mag-aaral; sa dalas ng kanilang pagbabasa o pakikinig; sa kanilang pananaw sa panitikang lokal bilang daluyan ng wika, kultura, at identidad; sa mga salik na personal, pampamilya o pangkomunidad, pampaaralan, at teknolohikal na may kaugnayan sa kanilang pagpapahalaga at pakikilahok; at sa mga gawaing maaari nilang imungkahi upang higit na mapalaganap at mapahalagahan ang panitikang lokal.

Matapos makuha ang mga kinakailangang pahintulot, ipinamahagi ang talatanungan sa mga kalahok at ipinaliwanag ang layunin at paraan ng pagsagot dito. Matapos makumpleto ang mga talatanungan, tinipon at inayos ang mga sagot ayon sa mga bahagi ng instrumento. Tiniyak na maayos na naitala ang mga tugon upang maging batayan ng pagsusuri at interpretasyon ng mga datos.

Sa pagsusuri ng mga datos, ginamit ang dalas at porsiyento upang matukoy ang bilang at bahagdan ng mga mag-aaral na kumilala, nakabasa o nakarinig, at nakagamit o nakapagsalaysay ng bawat anyo ng panitikang lokal. Ginamit din ang ranking upang maihanay ang mga anyo ng panitikan mula sa may pinakamataas hanggang sa may pinakamababang bilang ng mga tugon. Ang mga anyong may magkaparehong bilang ay binigyan ng magkaparehong ranggo. Para naman sa mga pahayag tungkol sa panitikan bilang daluyan ng wika, kultura, at

identidad, gayundin sa mga salik na may kaugnayan sa pagpapahalaga at pakikilahok, ginamit ang tinimbang na mean upang matukoy ang pangkalahatang antas ng pagsang-ayon ng mga kalahok. Ginamit ang limang-puntong Likert scale na may sumusunod na interpretasyon: 4.21–5.00—Lubos na sumasang-ayon; 3.41–4.20—Sumasang-ayon; 2.61–3.40—Hindi tiyak; 1.81–2.60—Hindi sumasang-ayon; at 1.00–1.80—Lubos na hindi sumasang-ayon. Para naman sa mga aytem na sumusukat sa dalas ng pagbabasa o pakikinig, ginamit ang apat na puntong iskala: 4—Madalas, 3—Minsan, 2—Bihira, at 1—Hindi Kailanman. Ginamit ang tinimbang na mean upang mailarawan ang pangkalahatang dalas ng karanasan ng mga kalahok sa pagbabasa o pakikinig sa iba't ibang anyo ng panitikang lokal.

Isinagawa ang pag-aaral nang may pagsunod sa mga etikal na pamantayan sa pananaliksik. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral at tiniyak ang kanilang pahintulot bago sila lumahok. Pinangalagaan din ang pagiging kumpidensiyal ng kanilang mga tugon at hindi isinama sa pag-uulat ang mga impormasyong maaaring magpakilala sa kanila o sa paaralan. Ang lahat ng nakalap na datos ay ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik.

3. Natuklasan

Inilahad sa bahaging ito ang mga natuklasan ng pag-aaral mula sa mga kasagutan ng 42 kalahok. Inayos ang pagsusuri ayon sa limang layunin: mga anyo at uri ng panitikang lokal na kinikilala, binabasa o ginagamit ng mga piling mag-aaral sa Albay; panitikan bilang daluyan ng wika sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng mga katutubong salita, pahayag, paraan ng pagpapahayag at iba pang anyong pangwika sa Albay; panitikan bilang daluyan ng kultura, tradisyon, kaugalian, paniniwala, pagpapahalaga at karanasan ng mga Albayano; mga salik na may kaugnayan sa pagpapahalaga at pakikilahok; at mga mungkahing gawain o hakbang na makatutulong sa pagpapalakas ng pagpapahalaga at paggamit ng panitikang lokal bilang daluyan ng wika, kultura at identidad sa mga piling mag-aaral ng Albay.

3.1 Mga Anyo at Uri ng Panitikang Lokal na Kinilala, Binabasa o Ginagamit ng mga Piling Mag-aaral sa Albay

Talahanayan A1

Mga Anyo ng Panitikang Lokal na Kinilala

Anyo ng panitikan	Bilang (n)	Porsiyento (%)	Ranggo
Kantang-bayan/awiting lokal	22	52.4	1
Alamat	20	47.6	2
Kuwentong-bayan	20	47.6	2
Bugtong at palaisipan	20	47.6	2
Sasabihon/salawikain/kasabihan	19	45.2	5
Epiko	16	38.1	6
Modernong tula, dagli, sanaysay sa Bikol	16	38.1	6
Pabula at salaysay-bayan	13	31.0	8
Tigsik	12	28.6	9
Maikling kuwento sa wikang Bikol	11	26.2	10
Rawitdawit	10	23.8	11
Novena/kantang relihiyoso o tradisyonal	10	23.8	11
Dula o dulang lokal	9	21.4	13
Kuwentong pasalita/tradisyong pasalita	9	21.4	13
Lokal na komiks/ilustradong kuwento	8	19.0	15

Makikita sa Talahanayan A1, nangunguna ang kantang-bayan o awiting lokal sa mga anyo ng panitikang lokal na kinilala ng mga mag-aaral, na may 22 (52.4%). Sinusundan ito ng alamat, kuwentong-bayan, at bugtong o palaisipan, na kapwa kinilala ng 20 (47.6%) na mag-aaral. Samantala, pinakamababa ang pagkilala sa lokal na komiks o ilustradong kuwento, na may 8 (19.0%), kasunod ang dulang lokal at kuwentong pasalita o tradisyong pasalita, na kapwa may 9 (21.4%). Higit na nakikilala ng mga mag-aaral ang ilang tradisyonal na anyo ng panitikang lokal, partikular ang mga awitin, alamat, kuwentong-bayan, at bugtong. Samantala, hindi gaanong pamilyar sa kanila ang iba pang anyo tulad ng lokal na komiks, dula, at kuwentong pasalita. Ipinahihiwatig nito

na magkakaiba ang antas ng pagkilala ng mga mag-aaral sa mga anyo ng panitikang lokal, kung kaya't lumilitaw ang pangangailangang palawakin ang kanilang kaalaman dito. Hindi lamang dapat bigyang-pansin ang mga karaniwang pamilyar na awitin, alamat, at kuwentong-bayan kundi maging ang mga anyong hindi gaanong kilala. Maaaring isama ng mga guro ang mga ito sa mga aralin at gawaing pampanitikan upang higit na mapalawak ang kaalaman at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang lokal na panitikan.

Binigyang-diin ni Bermas (2021) na ang mga kuwentong-bayan ay naglalaman ng mga paniniwala, tradisyon, at pagpapahalagang sumasalamin sa kultura ng isang pamayanan. Ipinakikita nito ang kahalagahan ng pagkilala sa mga lokal na salaysay bilang bahagi ng pagkakakilanlang pangkultura. Gayundin, ipinakita nina Jaca at Soledad (2022) ang kahalagahan ng paggamit ng mga orihinal na kuwentong Cebuano sa pagtuturo ng wika at panitikan. Sinusuportahan ng mga pag-aaral na ito ang pagpapahalaga sa mga akdang nagmumula sa sariling wika at kultura, bagama't ang antas ng pagkilala sa bawat anyo ay nakabatay pa rin sa mga tugon ng mga kalahok sa kasalukuyang pag-aaral.

Talahanayan A2

Mga Anyo ng Panitikang Lokal na Nabasa/Narinig

Anyo ng panitikan	Bilang (n)	Porsiyento (%)	Ranggo
Lokal na komiks/ilustradong kuwento	31	73.8	1
Rawitdawit	29	69.0	2
Kuwentong pasalita/tradisyong pasalita	28	66.7	3
Tigsik	27	64.3	4
Dula o dulang lokal	27	64.3	4
Pabula at salaysay-bayan	26	61.9	6
Novena/kantang relihiyoso o tradisyonal	25	59.5	7
Maikling kuwento sa wikang Bikol	24	57.1	8
Modernong tula, dagli, sanaysay sa Bikol	21	50.0	9
Epiko	20	47.6	10
Alamat	16	38.1	11
Sasabihon/salawikain/kasabihan	13	31.0	12
Kantang-bayan/awiting lokal	12	28.6	13
Kuwentong-bayan	11	26.2	14
Bugtong at palaisipan	8	19.0	15

Batay sa Talahanayan A2, nangunguna ang lokal na komiks o ilustradong kuwento sa mga anyo ng panitikang lokal na nabasa o narinig ng mga mag-aaral, na may 31 (73.8%). Sinusundan ito ng rawitdawit, na may 29 (69.0%), at kuwentong pasalita o tradisyong pasalita, na may 28 (66.7%). Samantala, pinakamababa ang bugtong o palaisipan, na may 8 (19.0%), kasunod ang kuwentong-bayan, na may 11 (26.2%), at kantang-bayan o awiting lokal, na may 12 (28.6%). Ang mga anyo ng panitikang lokal na nagiging bahagi ng karanasan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbabasa o pakikinig. Kapansin-pansin na nangunguna ang lokal na komiks o ilustradong kuwento sa aspektong ito kahit ito ang may pinakamababang bilang sa pagkilala. Ipinakikita nito na maaaring magkaiba ang pagkilala sa pangalan o uri ng panitikan at ang aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral sa pagbabasa o pakikinig dito. Samakatuwid, hindi nangangahulugang kapag hindi gaanong nakikilala ng mga mag-aaral ang isang anyo ng panitikan ay hindi pa nila ito nababasa o naririnig. Dahil dito, mahalagang magkaroon ang mga mag-aaral ng mas maraming pagkakataong makabasa at makarinig ng iba't ibang anyo ng panitikang lokal. Maaaring gumamit ang mga guro ng lokal na komiks, koleksiyon ng rawitdawit, rekording ng mga kuwentong-bayan, at iba pang kagamitang pampanitikan bilang bahagi ng mga gawaing pampagkatuto upang mapalawak ang kanilang karanasan at akses sa mga akdang nagtataglay ng sariling wika, kultura, at pagkakakilanlan.

Ayon kina Valerozo at Aggabao (2020) na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagbabasa ng mga tekstong pampanitikang nakabatay sa kultura. Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral ang kahalagahan ng pagpili ng angkop na tekstong pampanitikan upang mapaunlad ang pag-unawa sa binabasa. Dagdag pa rito nina Tan at Mante-Estacio (2021) na nakatutulong ang mga tekstong may kaugnayan sa karanasan at kulturang pinagmulan ng mga mag-aaral sa pagpapanatili ng kanilang interes at pakikilahok sa pagbabasa. Ang paggamit ng tradisyonal at digital na pagkukuwento sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa napakinggan ng mga mag-aaral. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ito ang kahalagahan ng paggamit ng mga tekstong nakaugat sa

kultura at iba't ibang paraan ng paglalahad ng kuwento upang mapalawak ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagbabasa at pakikinig. Gayunman, ang pagkakasunod-sunod ng mga anyo sa kasalukuyang talahanayan ay batay lamang sa mga tugon ng mga kalahok (Libron at Dela Peña, 2022).

Talahanayan A3

Mga Anyo ng Panitikang Lokal na Nagamit/Naisalaysay

Anyo ng panitikan	Bilang (n)	Porsiyento (%)	Ranggo
Bugtong at palaisipan	14	33.3	1
Kuwentong-bayan	11	26.2	2
Sasabihon/salawikain/kasabihan	10	23.8	3
Kantang-bayan/awiting lokal	8	19.0	4
Alamat	6	14.3	5
Epiko	6	14.3	5
Dula o dulang lokal	6	14.3	5
Modernong tula, dagli, sanaysay sa Bikol	5	11.9	8
Kuwentong pasalita/tradisyong pasalita	5	11.9	8
Pabula at salaysay-bayan	3	7.1	10
Tigsik	3	7.1	10
Rawitdawit	3	7.1	10
Lokal na komiks/ilustradong kuwento	3	7.1	10

Talahanayan A3, nangunguna ang bugtong o palaisipan sa mga anyo ng panitikang lokal na nagamit o naisalaysay ng mga mag-aaral, na may 14 (33.3%). Sinusundan ito ng kuwentong-bayan, na may 11 (26.2%), at sasabihon, salawikain, o kasabihan, na may 10 (23.8%). Samantala, pinakamababa ang bilang ng mga mag-aaral na nakagamit o nakapagsalaysay ng pabula at salaysay-bayan, tigsik, rawitdawit, at lokal na komiks o ilustradong kuwento, na may tig-3 (7.1%). Ayon kina Morato at Besmonte (2023) na mahalagang bahagi ng buhay ng pamayanan ang mga pasalitang salaysay, bagaman maaaring mawala o magbago ang ilang detalye sa paulit-ulit na pagsasalaysay. Samantala, ipinakita nina Ocampo at Bulahan (2025) na ang tigsik ay maaaring maglaman ng mga temang pang-araw-araw, pampamilya, panlipunan, at espirituwal na sumasalamin sa karanasan ng mga Bikolano. Nagbibigay ang mga pag-aaral na ito ng panrehiyong konteksto sa kahalagahan ng panitikang lokal bilang tagapagdala ng karanasan, tradisyon, at pagpapahalaga ng komunidad.

Mahalagang magkaroon ang mga mag-aaral ng higit na pagkakataong hindi lamang makilala, mabasa, o marinig ang panitikang lokal kundi magamit at maisalaysay din ang mga ito. Maaaring magsagawa ang mga guro ng paligsahan sa bugtong, pagsasalaysay ng kuwentong-bayan, pagbigkas ng rawitdawit at tigsik, at pagtatanghal ng dulang lokal. Maaari ring hikayatin ang mga mag-aaral na mangalap ng mga kuwento at salaysay mula sa kanilang mga magulang, lolo at lola, at iba pang nakatatanda sa komunidad. Sa ganitong paraan, nagkakaroon sila ng pagkakataong aktibong makilahok sa pagpapalaganap at pagpapanatili ng panitikang lokal.

Talahanayan A4

Dalas ng Pakikilahok sa mga Anyo ng Panitikang Lokal

Anyo ng panitikan	WM ng dalas	Interpretasyon
Bugtong at palaisipan	3.60	Madalas
Epiko (hal. Ibalong)	3.55	Madalas
Kantang-bayan/awiting lokal	3.55	Madalas
Kuwentong-bayan	3.52	Madalas
Alamat (hal. Bulkang Mayon)	3.50	Madalas
Sasabihon/salawikain/kasabihan	3.48	Madalas
Novena/kantang relihiyoso o tradisyonal	3.31	Madalas
Pabula at salaysay-bayan	2.83	Minsan
Rawitdawit (tula sa Bikol)	2.71	Minsan
Dula o dulang lokal	2.62	Minsan
Kuwentong pasalita/tradisyong pasalita	2.50	Bihira
Tigsik	2.43	Bihira
Modernong tula, dagli, sanaysay sa Bikol	2.40	Bihira
Maikling kuwento sa wikang Bikol	2.40	Bihira
Lokal na komiks/ilustradong kuwento	2.31	Bihira

Batay sa Talahanayan A4, nakapagtala ng pinakamataas na tinimbang na mean ang bugtong at palaisipan (WM = 3.60), na sinusundan ng epiko, kabilang ang Ibalong, at kantang-bayan o awiting lokal, na kapwa may WM =

3.55. Kasunod nito ang kuwentong-bayan (WM = 3.52), alamat (WM = 3.50), at sasabihon, salawikain, o kasabihan (WM = 3.48). Ang mga nabanggit na anyo ng panitikan ay pawang may interpretasyong Madalas batay sa apat na puntong iskala. Samantala, ang novena o kantang relihiyoso o tradisyonal ay nakapagtala rin ng interpretasyong Madalas (WM = 3.31). Sa kabilang banda, ang pabula at salaysay-bayan (WM = 2.83), rawitdawit (WM = 2.71), at dula o dulang lokal (WM = 2.62) ay may interpretasyong Minsan. Samantala, ang kuwentong pasalita o tradisyong pasalita (WM = 2.50), tigsik (WM = 2.43), modernong tula, dagli, at sanaysay sa Bikol (WM = 2.40), maikling kuwento sa wikang Bikol (WM = 2.40), at lokal na komiks o ilustradong kuwento (WM = 2.31) ay may interpretasyong Bihira. Ipinakikita ng mga resultang ito ang pagkakaiba sa antas ng dalas ng pagbabasa o pakikinig ng mga respondent sa iba't ibang anyo ng panitikang lokal, kung saan mas mataas ang mga mean ng tradisyonal na anyo ng panitikan kumpara sa ilang kontemporaryong anyo nito.

Magkakaiba ang pagkilala, pagkabasa o pagkakarinig, at aktuwal na paggamit ng panitikang lokal. Ang mataas na pagkilala sa mga awit at kuwentong-bayan ay hindi nangangahulugang ang mga ito rin ang pinakamadalas gamitin; kapansin-pansin ang pakikilahok sa bugtong at palaisipan. Iminungkahi ng resulta ang pagpili ng mga gawaing nag-uugnay sa pagbasa, pakikinig, at sariling pagsasalaysay. Kaugnay nito, tinalakay nina Morato at Besmonte (2023) ang halaga ng mga lokal na salaysay sa pagpapanatili ng alaala ng pamayanan. Ang paglalapat ng gayong akda sa klase ay maaaring magbigay ng pagkakataong magamit ng kabataan ang mga anyong hindi gaanong pamilyar sa kanila.

3.2 Panitikang Lokal Bilang Daluyan ng Wika sa Pagpapanatili at Pagpapalaganap ng mga Katutubong Salita, Pahayag, Paraan ng Pagpapahayag at Iba Pang Anyong Pangwika sa Albay

Talahanayan B

Panitikang Lokal Bilang Daluyan ng Wika

Pahayag	WM	Interpretasyon
Nakatutulong sa pagpapanatili ng wikang ginagamit sa Albay	4.60	Lubos na sumasang-ayon
Mahalaga sa pagpapanatili ng katutubong wika at diyalekto	4.60	Lubos na sumasang-ayon
Dapat gamitin sa pagtuturo ng wika sa paaralan	4.55	Lubos na sumasang-ayon
Napapalawak ang bokabularyong Bikol/Albayano	4.36	Lubos na sumasang-ayon
Naipapasa ang lokal na salita sa susunod na henerasyon	4.33	Lubos na sumasang-ayon
Napapanatili ang mga salitang hindi na karaniwang ginagamit	4.24	Lubos na sumasang-ayon
Pagkilala sa mga lokal na salita sa panitikan	4.00	Sumasang-ayon
Natututuhan ang kahulugan ng lokal na salita sa kuwento at tula	3.93	Sumasang-ayon
Natututuhan ang lokal na paraan ng pagpapahayag	3.88	Sumasang-ayon
Nauunawaan ang pagkakaiba ng mga diyalekto at punto sa Albay	3.83	Sumasang-ayon
Nagagamit sa pang-araw-araw na pakikipag-usap ang natutuhan	3.76	Sumasang-ayon
Mas kumpiyansang gamitin ang Bikol dahil sa mga nababasang akda	3.64	Sumasang-ayon
Nagkakaroon ng interes magsulat at magpahayag sa Bikol/Albayano	3.52	Sumasang-ayon
Natututuhan ang mga idyoma at talinghaga ng mga Albayano	3.50	Sumasang-ayon
Nababawasan ang labis na pag-aalala sa banyagang salita	3.50	Sumasang-ayon

Batay sa Talahanayan B, pinakamataas ang tinimbang na mean sa mga pahayag na nakatutulong ang panitikang lokal sa pagpapanatili ng wikang ginagamit sa Albay at mahalaga ito sa pagpapanatili ng katutubong wika at diyalekto, na kapwa nakapagtala ng WM = 4.60 at may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Sinundan ito ng pahayag na dapat gamitin ang panitikang lokal sa pagtuturo ng wika sa paaralan (WM = 4.55), na nagpapakita rin ng lubos na pagsang-ayon ng mga respondent. Gayundin, lubos na sinang-ayunan ang ambag ng panitikang lokal sa pagpapalawak ng bokabularyong Bikol o Albayano (WM = 4.36), pagpapasa ng mga lokal na salita sa susunod na henerasyon (WM = 4.33), at pagpapanatili ng mga salitang hindi na karaniwang ginagamit (WM = 4.24).

Samantala, ang iba pang mga pahayag ay nakapagtala ng interpretasyong Sumasang-ayon. Kabilang dito ang pagkilala sa mga lokal na salita sa panitikan (WM = 4.00), pagkatuto ng kahulugan ng mga lokal na salita sa kuwento at tula (WM = 3.93), pagkatuto ng lokal na paraan ng pagpapahayag (WM = 3.88), at pag-unawa sa pagkakaiba ng mga diyalekto at punto sa Albay (WM = 3.83). Gayundin, sumang-ayon ang mga respondent na nagagamit sa pang-araw-araw na pakikipag-usap ang mga natutuhan mula sa panitikang lokal (WM = 3.76),

nagiging mas kumpiyansa silang gamitin ang wikang Bikol dahil sa mga nababasang akda (WM = 3.64), nagkakaroon sila ng interes na magsulat at magpahayag sa Bikol o Albayano (WM = 3.52), natututuhan ang mga idyoma at talinghaga ng mga Albayano (WM = 3.50), at nababawasan ang labis na pag-aalala sa paggamit ng mga banyagang salita (WM = 3.50).

Malinaw na kinilala ng mga kalahok ang halaga ng panitikang lokal sa pagpapanatili ng wikang Bikol, ngunit mas mababa ang iniulat nilang paggamit ng mga natutuhang salita sa pang-araw-araw na usapan. Ang tugon sa talatanungan ay pananaw, hindi direktang pagsukat ng kasanayang pangwika. Samakatuwid, maaaring isama sa pagtuturo ang mga gawaing pag-unawa, paggamit sa pangungusap, at pag-uusap gamit ang mga salitang mula sa lokal na akda. Kaugnay nito, binigyang-pansin ni Magdato (2025) ang patuloy na paggamit at pagpapasa ng West Bikol sa komunidad, samantalang tinalakay ni Fajardo (2022) ang pagkakaiba-iba at sigla ng wikang Bikol Rinconada. Nakatulong ang mga pag-aaral na ito sa pag-unawa sa ugnayan ng wika, paggamit, at identidad.

3.3 Panitikang Lokal Bilang Daluyan ng Kultura, Tradisyon, Kaugalian, Paniniwala, Pagpapahalaga at Karanasan ng mga Albayano

Talahanayan C

Panitikang Lokal Bilang Daluyan ng Kultura, Tradisyon, Kaugalian, Paniniwala, Pagpapahalaga at Karanasan ng mga Albayano

Pahayag	WM	Interpretasyon
Mahalaga ang pagpapanatili ng lokal na panitikan para sa susunod na henerasyon	4.71	Lubos na sumasang-ayon
Ipinakikita ang paraan ng pamumuhay ng mga Albayano	4.69	Lubos na sumasang-ayon
Ipinapakita ang mga tradisyon ng mga Albayano	4.60	Lubos na sumasang-ayon
Naipakikita ang pagpapahalaga ng mga Bikolano	4.57	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong sa pagbuo ng identidad bilang bahagi ng komunidad	4.50	Lubos na sumasang-ayon
Naipapasa ang mga paniniwala ng naunang henerasyon	4.48	Lubos na sumasang-ayon
Naipakikita ang mga kaugalian ng lokal na pamayanan	4.40	Lubos na sumasang-ayon
Nagbibigay ng mataas na pagpapahalaga sa kultura ng Albay	4.31	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong upang makilala ang sariling komunidad	4.26	Lubos na sumasang-ayon
Nakikilala ang kasaysayan at karanasan ng mga Albayano	4.12	Sumasang-ayon

Batay sa Talahanayan C, pinakamataas ang tinimbang na mean sa pahayag na mahalaga ang pagpapanatili ng lokal na panitikan para sa susunod na henerasyon (WM = 4.71), na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Sinundan ito ng pahayag na ipinakikita ng panitikan ang paraan ng pamumuhay ng mga Albayano (WM = 4.69). Gayundin, lubos na sinang-ayunan ng mga respondent na naipakikita ng panitikang lokal ang mga tradisyon ng mga Albayano (WM = 4.60) at ang mga pagpapahalaga ng mga Bikolano (WM = 4.57). Ipinakikita ng mga resultang ito ang pagkilala ng mga mag-aaral sa panitikang lokal bilang mahalagang tagapagdala at tagapagpanatili ng kultura at pagkakakilanlan ng pamayanan. Bukod dito, lubos ding sinang-ayunan ang mga pahayag na nakatutulong ang panitikang lokal sa pagbuo ng identidad bilang bahagi ng komunidad (WM = 4.50), naipapasa nito ang mga paniniwala ng naunang henerasyon (WM = 4.48), naipakikita ang mga kaugalian ng lokal na pamayanan (WM = 4.40), at nagbibigay ito ng mataas na pagpapahalaga sa kultura ng Albay (WM = 4.31). Gayundin, kinikilala ang ambag nito sa pagkilala sa sariling komunidad (WM = 4.26), na kapwa nagpapakita ng lubos na pagsang-ayon ng mga respondent. Samantala, ang pahayag na nakikilala sa pamamagitan ng panitikan ang kasaysayan at karanasan ng mga Albayano ay nakapagtala ng WM = 4.12, na may interpretasyong Sumasang-ayon.

Ipinahayag ng mga respondent ang mataas na pagpapahalaga sa panitikang lokal bilang tala ng pamumuhay, tradisyon, at pamanang maipapasa sa susunod na henerasyon. Hindi nito tuwirang pinatutunayan ang lawak ng kanilang kaalaman sa kasaysayan o kaugalian; inilalarawan nito ang kanilang pagsang-ayon sa mga pahayag. Maaaring gamitin ang mga akda sa pagtalakay ng magkakaibang karanasan ng mga pamayanan sa Albay, kasabay ng pagsusuri sa mga salita at kaugaliang nakapaloob sa salaysay. Kaugnay nito, sinuri ni Bermas (2021) ang mga paniniwala at tradisyon sa kuwentong-bayan ng Bula, Camarines Sur, habang pinag-aralan nina Castor, Cid, at Encinares (2024) ang mga salaysay na kaugnay ng pananampalataya sa Calabanga. Kapwa nagbigay ang mga ito ng lokal na konteksto sa pag-unawa sa panitikan bilang daluyan ng kultura.

3.4 Mga Salik na May Kaugnayan sa Pagpapahalaga at Pakikilahok

Sinuri sa bahaging ito ang apat na tiyak na salik: personal na interes at karanasan; suporta ng pamilya at komunidad; paggabay at mga gawaing pampaaralan; at paggamit ng social media at teknolohiya na may kaugnayan sa pagpapahalaga at pakikilahok ng mga mag-aaral sa panitikang lokal.

Personal na Salik

Talahanayan D1

Mga Personal na Salik na May Kaugnayan sa Pagpapahalaga at Pakikilahok

Pahayag	WM	Interpretasyon
Nauunawaan ang kahalagahan ng panitikan sa buhay at pag-aaral	4.55	Lubos na sumasang-ayon
Nasisiyahang matuto tungkol sa kultura sa pamamagitan ng panitikan	4.33	Lubos na sumasang-ayon
Interesadong magbasa ng panitikang lokal	4.17	Sumasang-ayon
Mas gusto ang lokal na kuwento at tula kaysa banyagang babasahin	4.12	Sumasang-ayon
May kumpiyansang maunawaan ang mga salita sa wikang Bikol	4.12	Sumasang-ayon
Ipinagmamalaki ang mga gawaing pampanitikan ng lalawigan	4.07	Sumasang-ayon
Nais linangin ang kakayahan sa pagsulat at pagbigkas sa wikang lokal	4.00	Sumasang-ayon
Nakikita ang kaugnayan ng panitikan sa personal na karanasan	4.00	Sumasang-ayon
Handang maglaan ng oras sa pagbabasa ng lokal na panitikan	3.93	Sumasang-ayon
May kusa na magsaliksik tungkol sa mga alamat at epiko sa Albay	3.69	Sumasang-ayon

Batay sa Talahanayan D1, pinakamataas ang tinimbang na mean sa pahayag na nauunawaan ng mga respondent ang kahalagahan ng panitikan sa kanilang buhay at pag-aaral (WM = 4.55), na may interpretasyong Lubos na sumasang-ayon. Sinundan ito ng pahayag na nasisiyahan silang matuto tungkol sa kultura sa pamamagitan ng panitikan (WM = 4.33), na nagpapakita rin ng lubos na pagsang-ayon. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na kinikilala ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng panitikan hindi lamang bilang bahagi ng kanilang pag-aaral kundi bilang paraan din ng pag-unawa sa sariling kultura. Samantala, ang iba pang mga pahayag ay may interpretasyong Sumasang-ayon. Kabilang dito ang interes sa pagbabasa ng panitikang lokal (WM = 4.17), higit na pagpili sa lokal na kuwento at tula kaysa sa banyagang babasahin (WM = 4.12), at pagkakaroon ng kumpiyansang maunawaan ang mga salita sa wikang Bikol (WM = 4.12). Gayundin, sumang-ayon ang mga respondent na ipinagmamalaki nila ang mga gawaing pampanitikan ng lalawigan (WM = 4.07), nais nilang linangin ang kanilang kakayahan sa pagsulat at pagbigkas sa wikang lokal (WM = 4.00), at nakikita nila ang kaugnayan ng panitikan sa kanilang personal na karanasan (WM = 4.00). Kabilang din dito ang kahandaang maglaan ng oras sa pagbabasa ng lokal na panitikan (WM = 3.93) at pagkakaroon ng kusa na magsaliksik tungkol sa mga alamat at epiko sa Albay (WM = 3.69).

D.2 Salik ng Pamilya at Komunidad

Talahanayan D2

Mga Salik ng Pamilya at Komunidad

Pahayag	WM	Interpretasyon
Nagkukuwento ang pamilya tungkol sa lokal na kultura	4.19	Sumasang-ayon
Pinapanood/pinapakinggan sa pamilya ang lokal na awitin at dula	3.98	Sumasang-ayon
Hinihikayat ng pamilya ang paggamit ng lokal na wika sa tahanan	3.83	Sumasang-ayon
Natututuhan sa pamilya ang lokal na kuwento at tradisyon	3.83	Sumasang-ayon
Aktibong nakikilahok ang pamilya sa kultural na aktibidad	3.14	Hindi tiyak
May librong pampanitikan o babasahing Bikol sa tahanan	3.07	Hindi tiyak

Batay sa Talahanayan D2, pinakamataas ang tinimbang na mean sa pahayag na nagkukuwento ang pamilya tungkol sa lokal na kultura (WM = 4.19), na may interpretasyong Sumasang-ayon. Sinundan ito ng pahayag na pinapanood o pinakikinggan sa pamilya ang mga lokal na awitin at dula (WM = 3.98), na may kaparehong interpretasyon. Gayundin, sumang-ayon ang mga respondent na hinihikayat ng kanilang pamilya ang paggamit ng lokal na wika sa tahanan at natututuhan nila sa pamilya ang mga lokal na kuwento at tradisyon, na kapwa nakapagtala ng WM = 3.83. Ang aktibong pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkultura (WM = 3.14) at pagkakaroon ng mga librong pampanitikan o babasahing Bikol sa tahanan (WM = 3.07) ay may interpretasyong Hindi tiyak. Ipinakikita nito na bagama't may positibong papel ang pamilya sa pagbabahagi ng lokal na kultura,

wika, at tradisyon sa pamamagitan ng pagkukuwento at pakikinig sa mga lokal na awitin at dula, hindi pa malinaw ang antas ng pakikilahok nito sa mga gawaing pangkultura at pagkakaroon ng mga babasahing lokal sa tahanan.

D.3 Salik ng Paaralan at Guro

Talahanayan D3
Mga Salik ng Paaralan at Guro

Pahayag	WM	Interpretasyon
Isinasama ang panitikang lokal sa iba't ibang asignatura	4.57	Lubos na sumasang-ayon
Gumagamit ang guro ng panitikang lokal sa pagtuturo	4.55	Lubos na sumasang-ayon
Hinihikayat ng guro ang pagbabasa at pagsasauri ng lokal na panitikan	4.50	Lubos na sumasang-ayon
May karagdagang marka o insentibo sa pagtangkilik sa panitikan	4.45	Lubos na sumasang-ayon
Nag-oorganisa ang paaralan ng paligsahan sa Rawitdawit at Tigsik	4.43	Lubos na sumasang-ayon
Nakaaaliw at kawili-wili ang mga gawaing gumagamit ng panitikang lokal	4.38	Lubos na sumasang-ayon
May sapat na pagkakataon sa paaralan upang matutuhan ang lokal na panitikan	4.24	Lubos na sumasang-ayon
May samahan o club sa paaralan na nakatuon sa kultura at panitikan	4.24	Lubos na sumasang-ayon
May sapat na mga aklat at babasahing Bikolano sa silid-aklatan	2.45	Hindi sumasang-ayon
Inaanyayahan ang lokal na manunulat para sa palihan	2.02	Hindi sumasang-ayon

Batay sa Talahanayan D3, pinakamataas ang tinimbang na mean sa pahayag na isinasama ang panitikang lokal sa iba't ibang asignatura (WM = 4.57). Sinundan ito ng paggamit ng guro ng panitikang lokal sa pagtuturo (WM = 4.55) at paghikayat ng guro sa pagbabasa at pagsusuri ng lokal na panitikan (WM = 4.50). Ipinakikita ng mga resultang ito na positibo ang pananaw ng mga respondent sa papel ng paaralan at guro sa pagpapakilala at pagpapahalaga sa panitikang lokal. Mataas din ang pagsang-ayon sa pag-oorganisa ng paaralan ng mga paligsahan sa rawitdawit at tigsik (WM = 4.43) at sa pagiging kawili-wili ng mga gawaing gumagamit ng panitikang lokal (WM = 4.38). Ipinahihiwatig nito na kinikilala ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng mga gawaing pampanitikan bilang bahagi ng kanilang karanasan sa paaralan.

Sa kabilang banda, mababa ang tinimbang na mean sa pagkakaroon ng sapat na mga aklat at babasahing Bikolano sa silid-aklatan (WM = 2.45), na may interpretasyong Hindi sumasang-ayon. Pinakamababa naman ang mean sa pahayag na inaanyayahan ang mga lokal na manunulat para sa mga palihan (WM = 2.02), na nagpapakita rin ng hindi pagsang-ayon ng mga respondent. Ipinakikita ng pagkakaibang ito na bagama't positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng panitikang lokal sa pagtuturo, may mga kakulangan sa mga kagamitang pampanitikan at mga pagkakataong makaugnayan ang mga lokal na manunulat. Gayunman, ang mga resulta ay nagpapakita lamang ng pananaw ng mga respondent at hindi sapat upang matukoy ang lahat ng dahilan ng mga kakulangang ito.

D.4 Salik ng Social Media at Teknolohiya

Talahanayan D4
Mga Salik ng Social Media at Teknolohiya

Pahayag	WM	Interpretasyon
Gumagamit ng social media upang magbahagi ng sariling tula/kuwento	4.76	Lubos na sumasang-ayon
Mas nae-enjoy ang pagbabasa kung may biswal/graphic illustrations	4.64	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang mga aplikasyong pang-edukasyon at arkibong digitals sa pag-aaral ng wika	4.60	Lubos na sumasang-ayon
Mas interesado sa panitikan kung may digital na anyo	4.55	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang social media sa pagpapalaganap ng lokal na panitikan	4.38	Lubos na sumasang-ayon
Nakikinig ng podcast o audio recording tungkol sa alamat sa Albay	4.17	Sumasang-ayon
Mas madaling ma-access ang lokal na panitikan sa internet at websites	4.10	Sumasang-ayon
Ang banyagang pop culture ay nakababawas sa interes sa lokal na panitikan	3.57	Sumasang-ayon
Nakakahanap ng pahina o grupo sa social media tungkol sa Tigsik	3.57	Sumasang-ayon
Nakakapanood ng digital na pagsasalaysay at animation batay sa panitikang Bikol	3.52	Sumasang-ayon

Batay sa Talahanayan D4, pinakamataas ang tinimbang na mean sa pahayag na ginagamit ng mga respondent ang social media upang magbahagi ng sarili nilang tula o kuwento (WM = 4.76), na nagpapakita ng lubos na pagsang-ayon. Sinundan ito ng pahayag na mas nasisiyahan silang magbasa kapag may biswal o grapikong

ilustrasyon (WM = 4.64) at ng pahayag na nakatutulong ang mga aplikasyong pang-edukasyon at digital na arkibo sa pag-aaral ng wika (WM = 4.60). Mataas din ang pagsang-ayon sa pahayag na mas nagiging interesado ang mga mag-aaral sa panitikan kapag nasa digital na anyo ito (WM = 4.55). Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na kinikilala ng mga respondent ang potensiyal ng teknolohiya at mga digital na plataporma sa paglikha, pagbabahagi, at pag-aaral ng panitikang lokal.

Sa apat na pangkat ng salik, positibo ang pananaw sa halaga ng panitikan, paggabay ng guro, pagbabahagi ng pamilya, at paggamit ng teknolohiya. Gayunman, lumitaw ang agwat sa pagitan ng pagpapahalaga at paglalaan ng oras, gayundin ang iniulat na kakulangan sa mga babasahing Bikol at pakikipag-ugnayan sa lokal na manunulat. Hindi pinatutunayan ng mga mean na ang mga salik na ito ang sanhi ng pakikilahok; inilalarawan lamang ang mga iniulat na karanasan at pananaw. Maaaring pagtuunan ng paaralan ang pagpapalawak ng koleksiyon ng akda, palihan kasama ang manunulat, at angkop na digital na materyal. Maiuugnay ito sa pag-aaral nina Peñalba, Samaniego, at Romero (2020) hinggil sa digital storytelling bilang paraan ng paglikha at pagtalakay ng mga salaysay. Ang papel ng pamilya sa pagbabahagi ng lokal na kuwento ay kaugnay rin ng pag-aaral ni Jorolan-Quintero (2018) tungkol sa tradisyong pasalita at pagkatuto.

E. Mga Mungkahing Gawain at Hakbangin

Talahanayan E
Mga Mungkahing Gawain at Hakbangin

Ranggo	Gawain	Frequency	Bahagdan ng 42
1	Pagbuo at pagpapalabas ng podcast tungkol sa panitikang lokal	32	76.2%
1	Pag-oorganisa ng mga lakbay-aral (pagdanas sa kulturang lokal) sa mga makasaysayang lugar sa Albay	32	76.2%
3	Pagtataguyod ng taunang Panitikang Lokal Festival o eksibit sa paaralan	31	73.8%
4	Pagbigkas at paglikha ng Rawitdawit (tula sa Bikol)	30	71.4%
4	Pag-oorganisa ng Tigsik o paligsahang pampanitikan	30	71.4%
4	Pag-iinterbyu sa nakatatanda tungkol sa kuwentong-bayan at tradisyong pasalita	30	71.4%
7	Storytelling at pagsasalaysay ng lokal na kuwento o alamat	28	66.7%
8	Pagsulat ng sariling kuwento o sanaysay tungkol sa kultura ng Albay	25	59.5%
8	Paligsahan sa pagsasalaysay ng epikong Ibalong at mga alamat	25	59.5%
10	Pagtatanghal ng dulang lokal (Kagharong o dulang pambayan)	24	57.1%
11	Paglikha ng maiikling video/vlog tungkol sa pamang pangkultura ng Albay	23	54.8%
12	Paglikha ng digital na pagsasalaysay/animated video	20	47.6%
12	Pagbuo ng lokal na aklat, pocketbook, o e-book	20	47.6%
12	Pagtatatag ng opisyal na club o samahan sa panitikang lokal sa paaralan	20	47.6%
12	Pakikipag-ugnayan sa LGU at mga lokal na manunulat para sa pagpopondo at palihan	20	47.6%

Batay sa dalas o bilang ng mga piniling gawain, pinakamaraming kalahok ang pumili sa podcast tungkol sa panitikang lokal at pagdanas sa kulturang lokal/lakbay-aral (tig-32; 76.2%). Sumunod ang Panitikang Lokal Festival o eksibit (31; 73.8%). May 30 kalahok (71.4%) na pumili sa pagbigkas/paglikha ng rawitdawit, pag-oorganisa ng Tigsik/paligsahang pampanitikan, at pag-iinterbyu sa nakatatanda. Ipinakikita ng mga bilang ang kagustuhan ng mga kalahok, hindi ang napatunayang bisa ng mga gawain.

Pinili ng pinakamaraming respondente ang podcast at lakbay-aral o pagdanas sa kulturang lokal, kasunod ang eksibit at mga malikhaing gawaing pampanitikan. Nagpahiwatig ang mga pagpiling ito ng interes sa pinagsamang digital at aktuwal na karanasang pangkultura, ngunit hindi pa napatunayan ng sarbey ang bisa ng mga mungkahing gawain. Maaari silang subukan sa maliit na pangkat at suriin bago palawakin. Kaugnay nito, iniugnay nina Peñalba, Samaniego, at Romero (2020) ang digital storytelling sa paglikha ng salaysay at pagkatuto, habang ipinakita ng pag-aaral ni Bermas (2021) ang gamit ng lokal na kuwentong-bayan sa mga kagamitang panturo. Nagsilbing batayan ang mga pag-aaral na ito sa pagpili ng mga gawaing malapit sa interes at karanasan ng mag-aaral.

3.5 Panukalang Programa Batay sa Resulta (Talahanayan F)

Talahanayan F
Panukalang Programa Batay sa mga Resulta

Gawain	Pangunahing hakbang	Output na maaaring masukat	Mga katuwang
Bikol Storytelling Sessions	Mag-imbita ng nakatatanda o tagapagsalaysay; magtala ng kuwento at talasalitaan; hingin ang pahintulot sa pagtatala.	Transkripsiyon, talasalitaan, at audio recording na may consent.	Guro, magulang, lokal na tagapagsalaysay
Rawitdawit at Tigsik Workshop	Talakayin ang anyo at halimbawa; magsulat o bumigkas ang mag-aaral; gumamit ng malinaw na rubric.	Orihinal na rawitdawit/tigsik at pagtatanghal.	Guro sa Filipino, lokal na manunulat
Podcast at Digital Storytelling	Pumili ng akda; gumawa ng script; suriin ang wika at sanggunian; magrekord at mag-edit.	Podcast episode o maikling video na may credits.	ICT coordinator, guro, student club
Panitikang Lokal Festival	Magdaos ng eksibit ng akda, mga pasalitang salaysay, komiks, awit, at tula.	Exhibit, attendance record, reflection sheets.	Paaralan, PTA, LGU, cultural workers
Lakbay-aral at Oral History	Bumisita sa lugar na may kaugnayan sa lokal na kasaysayan; magsagawa ng panayam na may pahintulot.	Field notes, photo log, panayam, repleksyon	LGU, museo, komunidad, guro
Digital at Print Anthology	I-edit at tiyakin ang pagkilala sa pinagmulan; maghanda ng talasalitaan at maikling konteksto sa bawat akda.	E-book/ pocketbook at lokal na babasahin	Silid-aklatan manunulat, prinsipal

4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Napag-alamang may pagkakaiba sa antas ng pagkilala, pagbabasa, at paggamit ng mga mag-aaral sa iba't ibang anyo ng panitikang lokal sa Albay. Kinikilala nila ang mahalagang papel nito sa pagpapanatili ng wikang Bikol, pagpapalaganap ng kultura, tradisyon, at pagpapahalaga, gayundin sa pagpapatibay ng lokal na identidad. Iniulat din ng mga mag-aaral na nakatutulong sa kanilang pagpapahalaga at pakikilahok ang personal na interes, suporta ng pamilya, paggabay ng paaralan at guro, at paggamit ng teknolohiya. Gayunman, nananatili ang mga hamon tulad ng kakulangan sa mga lokal na babasahin at limitadong pakikipag-ugnayan sa mga lokal na manunulat. Samakatuwid, mahalagang palakasin ang mga gawaing pampanitikan, pangkultura, at digital upang higit na mahikayat ang mga mag-aaral na gamitin, pahalagahan, at palaganapin ang panitikang lokal bilang daluyan ng wika, kultura, at identidad.

Batay sa mga kongklusyon, inirerekomenda na higit na palawakin ng mga paaralan at guro ang paggamit ng panitikang lokal sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbabasa, pagsasalaysay, pagsulat, at mga gawaing pampanitikan. Hinihikayat din ang mga pamilya na patuloy na ibahagi sa mga kabataan ang mga lokal na kuwento, awitin, at tradisyon. Nararapat ding dagdagan ang mga aklat at babasahing Bikolano sa mga silid-aklatan at palakasin ang pakikipag-ugnayan sa mga lokal na manunulat at tagapagsalaysay. Iminumungkahi rin ang paggamit ng social media at digital na plataporma sa pagbuo ng mga podcast, bidyo, at elektronikong aklat tungkol sa panitikang lokal. Higit sa lahat, inirerekomenda ang pagpapatupad ng panukalang programa upang mapalawak ang pakikilahok ng mga mag-aaral at mapanatili ang panitikang Albayano bilang daluyan ng wika, kultura, at identidad.

5. Talasanggunian

Balunsay, J., & Tindugan, S. M. (2022). Mga literaturang oral ng mga Caramoranon sa Rehiyong Bikol bilang repositoryo ng kulturang Pilipino. Malay Journal, 35(1), Article 6. https://doi.org/10.59588/2243-7851.1044

Bermas, J. (2021). Beliefs, traditions and cultural practices in folklores of Bula, Camarines Sur, Philippines: Basis for contextualizing instructional materials in teaching language and literature. *Asian Journal on Perspectives in Education, 1*(2), 90–102.

Caliboso, J., Bagalay, B., Santiago, M. G., Bayan, R., Aguinaldo, I., & Belo, J. (2025). Literary texts as cultural tools: A study on contextualized learning strategies in Philippine higher education. *International Journal on Culture, History, and Religion*, 7(SI2), 340–355. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.205

Castor, R. G., Cid, R. U., & Encinares, M. G. (2024). Lagaylay in Odang's life: Retelling oral narratives on faith

and local traditions in Calabanga, Philippines. *International Journal of Research and Innovation in Social Science*. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2024.803390S

Department of Education. (2016a, June 17). *DepEd Order No. 42, s. 2016: Policy guidelines on daily lesson preparation for the K to 12 Basic Education Program*. Pasig City: DepEd.

Department of Education. (2016b, July 25). *DepEd Order No. 35, s. 2016: The Learning Action Cell as a K to 12 School-based Continuous Professional Development Strategy for the Improvement of Teaching and Learning*. Pasig City: DepEd.

Department of Education. (2024, January 30). DepEd Order No. 10, s. 2024: Implementation of the MATATAG Curriculum (Bansang Makabata, Batang Makabansa). Pasig City: DepEd.

Fajardo, D. F. (2022). Threads of language: A comprehensive analysis of linguistic vitality of Bikol Rinconada in Baao, Camarines Sur, Philippines. *METHOLANGUE: Language Teaching and Literature*, 7(2).

Gilbas, S. A. (2020). Hispanic poems in Philippine literature: Materials in teaching regional culture and history. The Normal Lights, 14(1), 45–68. https://philarchive.org/archive/GILHPI

Grogan, J., Hollinsworth, D., & Carter, J. (2021). Using videoed stories to convey Indigenous 'voices' in Indigenous Studies. The Australian Journal of Indigenous Education, 50, 38–46. https://doi.org/10.1017/jie.2019.15

Hsin, C.-T., & Yu, C. Y. (2021). Literacy and identity development of Indigenous Rukai children. Journal of Literacy Research, 53(3), 313–335. https://doi.org/10.1177/1086296X211030470

Jaca, C. A., & Soledad, G. G. (2022). Lesson exemplars using original Cebuano stories in teaching Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE). International Journal of Education, Culture and Society, 7(1), 1–8. https://doi.org/10.11648/j.ijecs.20220701.11

Jorolan-Quintero, G. (2018). Oral traditions: An aid to implementation of Mother Tongue-Based Multilingual Education in the Philippines' basic education programme. *International Review of Education*, 64, 759–777.

Libron, I. M. E., & Dela Peña, L. (2022). Testing the listening comprehension skills of Grade 6 pupils through traditional and digital storytelling. Paidadagos, 10(1).

Magdato, N. L. (2025). Sustaining West Bikol: A community-based language perspective on language development. *Bicol University Research and Development Journal*, 28(1), 32–48. https://doi.org/10.47789/burdj.mbtcbbgs.20252801.4

Morato, R. C., & Besmonte, E. (2023). Structural and functional analysis of bansag narratives in Barangay Maslog, Legazpi City, Albay Philippines. *Romblon State University Research Journal*, 5(2), 18–23. https://doi.org/10.58780/rsurj.v5i2.121

Ocampo, D. M., & Bulahan, J. D. (2025). Poetic structures and cultural reflection in tigsik: Exploring the Bicol's oral poetry. *Journal of Language and Linguistics in Society*, 5(2), 68–79. https://doi.org/10.55529/jlls.52.68.79

Peñalba, E. H., Samaniego, C. R. C., & Romero, S. M. A. (2020). Digital storytelling: A tool for promoting historical understanding among college students. *Research in Learning Technology*, 28, Article 2348. https://doi.org/10.25304/rlt.v28.2348

Realubit, M. L. F. Bikol Literature in the Philippines. National Commission for Culture and the Arts.

Republic Act No. 10533. (2013). *Enhanced Basic Education Act of 2013*. Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/

Republic Act No. 7104. (1991). *An Act creating the Komisyon sa Wikang Filipino, specifying its powers, duties and functions, and for other purposes*. Official Gazette of the Republic of the Philippines.

Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas. (1987). *Artikulo XIV: Edukasyon, agham at teknolohiya, sining, kultura at palakasan*. Official Gazette of the Republic of the Philippines.

Tan, D. N. L., & Mante-Estacio, M. J. (2021). Reader-text connection: Reporting the engagement of high school students with culturally relevant texts. TEFLIN Journal, 32(2), 342–361. https://doi.org/10.15639/teflinjournal.v32i2/342-361

UNESCO. (2024). *Basic texts of the 2003 Convention for the Safeguarding of the Intangible Cultural Heritage* (2024 ed.). UNESCO. https://ich.unesco.org/en/basic-texts-00503

Valerozo, R. B., & Aggabao, R. G. (2020). Learning process, reading strategies, and comprehension in culture-based texts. International Journal of Linguistics, Literature and Translation, 3(5), 103–112. https://doi.org/10.32996/ijllt.2020.3.5.12

Villanueva, V. (2016). Lokalisasyon at kontekstuwalisasyon bilang ideyolohikal na tugon sa historical amnesia sa batayang edukasyon. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 22(1), 55–72.

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.